


Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

Agrikultura – Modyul 5: “Hayop Mo, Alagaan Mo!”



Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Agrikultura – Modyul 5: “Hayop Mo, Alagaan Mo!”
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Levie A. Pateo, Jr.

Editor: Wilma S. Carreon, Gary B. Mosquito

Tagasuri: Medarlou A. Genoguin, Darnelene O. Solon, Jenita D. Guinoo

Tagalapat: Eugene S. Ignacio

Tagapamahala:

Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Judella R. Lumpas
Margarito A. Cadayona, Jr.
Jose B. Mondido
Francisco L. Bayon-on, Jr.
Amer L. Santolorin
Medarlou A. Genoguin
Darnelene O. Solon

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Regional No. VIII

Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte

Telefax: (053) – 832 – 2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan Agrikultura – Modyul 4: “Hayop Mo, Alagaan Mo!”

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Nais mo bang mag-alaga ng mga hayop? Gusto mo bang kumita? Ano-ano ba ang mga produkto na iyong makukuha at pakinabang sa mga ito?

May mga piling hayop na kadalasang inaalagaan sa bahay. Ang pag-aalaga ng hayop ay isang kapaki-pakinabang na gawain. Maraming produkto ang makukuha mula sa mga alagang hayop. Hindi lamang ito isang libangan bagkos isang magandang pagkakitaan.

Sa modyul na ito, matutukoy mo ang mga hayop na maaaaring alagaan at pagkakitaan sa iyong sariling tahanan o komunidad. **(EPP5AG-0g-15)**

Halina at alamin!



Subukin

Sa nakaraang modyul, napag-aralan mo ang mga kabutihang dulot ng pag-aalaga ng mga hayop. Kaya sa pagpapatuloy, matututunan mo naman ang mga uri ng hayop na maaaring alagaan. Subukang sagutin muna ang sumusunod na pagsasanay upang sukatin ang lawak ng iyong kaalaman ukol sa paghahayupan.

Panuto: Isulat sa iyong kuwaderno ang tsek (✓) kung ang isinasaad sa pangungusap ay tama at ekis (X) naman kung mali.

1. Sa pagpili ng aalagaang hayop, dapat isaalang-alang ang kapaligiran o lugar na paglalagyan.
2. Itlog lamang ang produktong makukuha sa manok.
3. Karaniwang inaalagaan ang mga itik sa mga lugar na malapit sa tubig.
4. Itlog ang pangunahing produktong naibibigay ng pugo.
5. Sa pag-aalaga ng tilapia, kailangan nating isaalang-alang ang topograpiya, panustos na tubig, uri ng lupa, at laki ng palaisdaan.
6. Ang pag-aalaga ng hayop ay mayroong kaakibat na mabigat na responsabilidad upang magtagumpay sa paghahayupan.
7. Ang pag-aalaga ng manok ay hindi nangangailangan ng sapat na suplay ng pagkain dahil palay at mais lamang ay sapat na upang mapakain ang mga ito.
8. Ang kalapati ay nabubuhay sa kahit na anong uri ng klima at nangangailangan lamang ng mataas na bahay upang ligtas ito sa mga daga at pusa.
9. Ang mga bagong pisang sisiw na manok ay hindi na kailangang lagyan ng ilaw o bombilya na may *50 watts* upang mainitan nang hanggang 15 araw.
10. Ang mga dumi ng hayop ay maaaring gawing pataba o abonong organiko.

Aralin

1

Hayop Mo, Alagaan Mo!

Tunay na malaki ang pakinabang sa pag-aalaga ng mga hayop dahil ito ay makapagbibigay ng karagdagang kita sa pamilya at maaaring mapagkunan ng mga masusustansiyang pagkain tulad ng karne at itlog. Maraming kabutihan ang maidudulot nito tulad ng pagkakaroon nang maayos na kalusugan, pananggal sa pagod at ng lubos na kasiyahan dahil sa karagdagang kita sa pangkabuhatan.



Balikan

Sa nakaarang aralin, natutunan mo ang mga kabutihang dulot ng pag-aalaga ng hayop. Sa pagpapatuloy ng aralin, maaaring sagutin mo muna ang sumusunod na pagsasanay.

Panuto: Isulat ang **T** kung Tama ang isinasaad na pahayag at **M** kung Mali. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

1. Ang maingat na pagpapalano ay kailangang gawin kung mag-aalaga ng hayop upang lubos at tiyak na mapakinabangan.
2. Sa paggawa ng plano, mahalagang pag-ukulan ng pansin ang hayop na aalagaan at uri, maging lugar, klima, at pakinabang na dulot nito.
3. Sa maliit at makipot na bakuran dapat alagaan ang manok.
4. Dapat isaalang-alang ang klase ng pagkain na ibibigay sa alagang manok.
5. Ang produktong galing sa manok ay puwedeng ibenta at ikonsumo ng pamilya.



Tuklasin

Basahin ang paksa tungkol sa kabutihang dulot sa pag-aalaga ng mga hayop. Sagutin ang mga tanong ukol dito sa iyong kuwaderno.

Kabutihang dulot sa pag-aalaga ng mga hayop

Mahalaga ang pag-aalaga ng hayop sa pamumuhay ng mag-anak at pamayanan. Maaari itong gawing libangan at pagkakitaan.

Ilan sa mga piling hayop na puwedeng alagaan ay ang manok, pato, itik, pugo at tilapia.

Ang pag-aalaga ng mga piling hayop ay mahalaga dahil mapagkukunan ito ng karagdagang kita kung maipagbibili na ang mga produkto nito tulad ng karne, itlog at gatas nang sa gayon ay mapauunlad din ang pamumuhay ng mag-anak. Nagbibigay ito ng magandang kita na panustos sa pang araw-araw na pangangailangan ng pamilya. Kung may kaalaman sa pag-aalaga ng hayop, makapagbibigay din ito ng trabaho sa mga tao dahil ang nagmamay-ari ng negosyo sa paghahayupan ay kumukuha ng mga tagapag-alaga, kaya't nagkakaroon din ng hanapbuhay. Ito ay isang kawili-wiling libangan at nakatutulong upang maiwasan ang masamang bisyo.

1. Bakit mahalaga ang pag-aalaga ng hayop?

2. Ano-ano ang mga kabutihang dulot sa pag-aalaga ng mga hayop?

3. Kung ikaw ang papipiliin ng hayop na alagaan, ano ito at bakit gusto mo itong alagaan?



Suriin

May mga alagang hayop na madaling alagaan, mapakinabangan at mapagkakitaan. Ilan sa mga ito ay ang manok, pato, itik, pugo at tilapia.

Ano-ano kaya ang mga pakinabang ng mga alagang ito? Paano ba sila makatutulong sa iyo?

Basahin at pag-aralan ang mga hayop na maaaring paramihin at ang mga salik na dapat isaalang-alang sa pagpili ng mga ito.

Manok

Ang manok ay isa sa mga hayop na madaling alagaan at paramihin. Ang manok ay inaalagaan para sa kanyang karne at itlog. Karaniwang ulam ito ng mag-anak sa hapagkainan. Kailangan ng alagang manok ang maluwag na kulungan upang magkaroon ng sapat na bentilasyon at maayos na kalagayan.

Uri ng Manok na Maaaring Aalagaan:

Matatagpuan sa *poultry farms* ang dalawang uri ng manok.

1. *Layer* - Inaalagaan ang manok na ito para sa mga itlog nito. Upang regular na mangitlog ang layer, kinakailangang malayo ang mga ito sa ingay. Ang malakas na ingay ay may masamang dulot sa kanilang pangangitlog.
2. *Broiler* - inaalagaan ang manok na ito para sa taglay nitong karne. Ito ang mga uri ng manok na niluluto sa mga *fast food restaurant*, palaman ng *sandwich*, o ginagawang *nuggets* o *chicken balls*. Inaalagaan sa ating bansa ang lahing banyaga tulad ng *Lancaster*, *New Hampshire*, *Bantres*, *White Leghorn*, at *Plymouth*. Tinatawag din itong *fryer* o manok na piniprito.

A. Uri ng manok na mainam sa pangangitlog

1. *Minorca* - Nangingitlog ng 200 pirasong itlog sa isang taon at may katamtamang laki ng itlog. Kulay itim ito at galing sa Espanya.
2. *Mikawa* – Ito ay kulay puti at nangingitlog ng 200 pirasong itlog sa isang taon.



B. Mainam na alagaang manok para sa karne.

1. *Arbon Acre* – nakapagbibigay ng masustansiyang karne.



2. *Cobb* – puti ang balahibo at kulay dilaw ang balat.



3. *Hubbard* – mainam alagaan dahil sa masustansiyang karne nito.



4. *White Leghorn* - kulay puti at may malalaking paa.



C. Uri ng manok na mainam sa pangingitlog at sa kanilang karne.

1. *Plymouth Rock* – ito ay manok na galing sa Amerika at nakapagbibigay ng masustansiyang karne at itlog.



2. *Rhode Island Red* – maganda ang klase ng itlog at ito ang madalas na inaalagaan ng mga magsasaka.



Pugo

Tulad ng ibang hayop, ang pugo ay mainam alagaan at paramihin. Ito ay inaalagaan para sa kanyang itlog at karne. Ang itlog ng pugo ay mayaman sa protina kung kaya't ito ay mainam sa pagpapalaki ng katawan at mga kalamnan. Para sa mga nagsisimula pa lamang, maaaring alagaan ang lahing *Japanese Seattle*. Mahusay itong mangitlog at malaman pa. Ang pugo na mabilis lumaki at dumami ay galing sa Bulacan, Rizal, at Batangas.



Tilapia

Ang Tilapia ay isang isdang madaling alagaan at masarap kainin. Nagtataglay ito ng sustansiya na kailangan ng ating katawan gaya ng *protina*. Karaniwang pinalalaki ito sa mga palaisdaan sa likod-bahay. Kung may anyong tubig tulad ng ilog, sapa, lawa o dagat na malapit sa inyong pamayanan, maaaring alagaan ang tilapia rito. Sa pag-aalaga ng tilapia, kailangan nating isaalang-alang ang topograpiya, panustos na tubig, uri ng lupa, at laki ng palaisdaan.



Itik at Pato

Isang magandang pagkakitaan ang pag-aalaga ng itik at pato sa likod ng bakuran ng tahanan dahil sa malaki ang nagagawang tulong nito sa pamilya. Ang pag-iitikan ay magandang pagkakitaan dahil sa maraming mga produkto na makukuha rito tulad ng *balut*, *penoy*, at ang *pulang itlog*. Maliban sa nabanggit, ang pagpapatuhan ay maaaring mapagkukunan din ng *itlog at karne*.

Malaki ang pakinabang sa mga bakuran kung mag-alaga ng itik at pato. Karaniwang inaalagaan ang mga itik at pato sa mga lugar na malapit sa tubig kung saan may mga suso at tulya para sila ay maipastol at makatipid sa pagkain.

Itik



Pato



Mga Salik na Dapat Isaalang-alang sa Pag-aalaga ng Hayop

1. Bigyan ng sapat na liwanag at bentilasyon.
2. Maaliwalas na lugar.
3. Tamang paraaan ng pagpapakain.
4. Kalinisan at kaayusan.
5. Kapaligiran.
6. Maglagay ng mas maraming pakainan at painuman
7. Pabakunahan ang mga alagang hayop laban sa peste at sakit.
8. Ihiwalay ang mga alagang may sakit upang hindi mahawa ang malulusog na hayop.



Pagyamanin

Panuto: Punan ng tamang sagot ang bawat patlang upang mabuo ang pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot sa loob ng kahon. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

A. Itik at pato	B. <i>Broiler</i>	C. <i>Layer</i>
D. Pugo	E. Tilapia	

1. Ang _____ ay magandang pagkakitaan dahil sa maraming mga produkto na makukuha rito tulad ng balut, penoy, at ang pulang itlog at mapagkukunan din ito ng itlog at karne.
2. Ang _____ ay isang isdang madaling alagaan at masarap kainin dahil ito ay nagtataglay ng sustansiya na kailangan ng ating katawan gaya ng protina.
3. Inaalagaan ang manok na _____ para sa taglay nitong karne at ito ang mga uri ng manok na niluluto sa mga fast food restaurant, palaman ng *sandwich*, o ginagawang *nuggets* o *chicken balls*.
4. Ang _____ ay mainam alagaan at paramihin para sa kanyang itlog at karne dahil mayaman ito sa protina na mainam sa pagpapalaki ng katawan at mga kalamnan.
5. Inaalagaan ang manok na _____ para sa regular na pangigitlog nito ngunit kailangan malayo ang mga ito sa malakas na ingay sapagkat magdudulot ito ng masama sa kanilang pangigitlog.



Isaisip

Ang pag-aalaga ng hayop ay isang kapakipakinabang na gawain. Maraming produkto ang makukuha mula sa mga alagang hayop. Hindi lamang ito isang libangan kung hindi isang magandang pagkakakitaan.

Ano-anong mga hayop ang mainam alagaan upang makatutulong sa mga pangangailangan ng pamilya?



Isagawa

Panuto: Sagutin ang mga tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Ito ay uri ng manok na inaalagaan para sa mga itlog nito. Upang regular na mangitlog, kinakailangang malayo ang mga ito sa ingay. Ang malakas na ingay ay nagdudulot ng masama sa kanilang pangingitlog. Ano ito?
A. *Layer* B. *Broiler* C. *Pugo* D. *Itik*
2. Ito ay isdang madaling alagaan at masarap kainin. Nagtataglay ito ng sustansiya na kailangan ng ating katawan gaya ng protina. Ano ito?
A. *Manok* B. *Pugo* C. *Itik at pato* D. *Tilapia*
3. Ito rin ay mainam na alagaan at paramihin. Ito ay inaalagaan para sa kanyang itlog at karne. Ang itlog nito ay mayaman sa protina kung kaya't ito ay mainam sa pagpapalaki ng katawan at mga kalamnan. Ano ito?
A. *Manok* B. *Pugo* C. *Itik at pato* D. *Tilapia*
4. Maraming mga produkto na makukuha sa mga hayop na ito tulad ng balut, penoy, pulang itlog, itlog at karne. Ano ito?
A. *Manok* B. *Pugo* C. *Itik at pato* D. *Tilapia*
5. Ito ay uri ng manok na inaalagaan para sa taglay nitong karne. Ito ang mga uri ng manok na niluluto sa mga fast food restaurant, palaman ng *sandwich*, o ginagawang *nuggets* o *chicken balls*. Ano ito?
A. *Layer* B. *Broiler* C. *Pugo* D. *Itik*



Tayahin

Piliin ang mga salita mula sa kahon na tumutugon sa bawat pahayag. Isulat sa kuwaderno ang iyong mga sagot.

-manok	- <i>Japanese Seattle</i>	-itik at pato
-tilapia	- <i>Plymouth Rock</i>	- <i>layer</i>
- <i>Rhode Island Red</i>	- <i>broiler</i>	-pugo

1. Isa sa mga hayop na madaling alagaan at paramihin. Ito ay inaalagaan para sa kanyang itlog at karne. Karaniwang ulam ito ng mag-anak sa hapagkainan.
2. Ang itlog nito ay mayaman sa protina kung kaya't ito ay mainam sa pagpapalaki ng katawan at mga kalamnan.
3. Uri ng isdang madaling alagaan at masarap kainin. Nagtataglay ito ng bitamina na kailangan ng ating katawan gaya ng protina. Karaniwang pinalalaki ito sa mga palaisdaan sa likod-bahay.
4. Isang uri ng manok na inaalagaan para sa mga itlog nito.
5. Karaniwang inaalagaan ang mga ito sa mga lugar na malapit sa tubig kung saan may mga suso at tulya para sila ay maipastol at makatipid sa pagkain.
6. Isang uri ng pugo na mahusay mangitlog at malaman pa.
7. Ito ay magandang pagkakitaan dahil sa maraming mga produkto na makukuha rito tulad ng balut, penoy, at pulang itlog.
8. Uri ng manok na inaalagaan para sa taglay nitong karne.
- 9 - 10. Klase ng manok na mainam sa pangingitlog at sa kanilang karne.



Karagdagang Gawain

Sa pamamagitan ng mga tao sa pamayanan o miyembro ng pamilya na nag-aalaga ng mga natutukoy na hayop, itala ang mga klase ng hayop na mayroon sila at paano nila ito inaalagaan upang dumami at gawing kapakipakinabang? Isulat sa sagutang papel ang mga tugon sa gawain.

Ipasa ito sa susunod na pagkikita.



Susi sa Pagwawasto

SUBUKIN	BALIKAN	PAGYAMANIN
1. ✓	1. T	1. A
2. X	2. T	2. E
3. ✓	3. M	3. B
4. ✓	4. T	4. D
5. ✓	5. T	5. C
6. ✓		
7. ✓		
8. ✓		
9. X		
10. ✓		
TUKLASIN		
Posibleng Sagot		
1. Mahalaga ang pag-aalaga ng hayop sa pamumuhay ng mag-anak at pamayanan. Maaari itong gawing libangan at pagkakakitaan.		
2. Ang pag-aalaga ng mga piling hayop ay mahalaga dahil nagbibigay ito ng karne, itlog at gatas na panustos sa pang-araw-araw na pangangailangan ng pamilya. Napagkukunan rin ito ng karagdagang kita kung ipagbibili. Mapapaulad din ang pamumuhay ng mag-anak kung may kaalaman sa pag-aalaga ng hayop. Nakapagbibigay ng trabaho sa mga tao dahil ang nagtatayo ng negosyo sa paghahayupan ay kumukuha ng mga tagapag-alaga, kaya't nagkakaroon ng hanapbuhay. Magandang libangan. Ito ay isang kawili-wili at malusog na libangan at nakakatulong upang maiwasan ang masasamang bisyo.		
3. (Tanggapin ang iba pang sagot na naayon sa tanong.)		
Note: Tanggapin ang iba pang sagot na naayon sa tanong.		
ISAGAWA		
1. A		
2. D		
3. B		
4. C		
5. B		
TAYAHIN		
1. Manok	6. Japanese Seattle	
2. Pugo	7. Itik at pato	
3. Tilapia	8. Broiler	
4. Layer	9. Plymouth Rock	
5. Itik at pato	10. Rhode Island Red	

Sanggunian

Books:

Curriculum Guide in Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 5, EPP5AG-0g-15

Electronic Sources:

<https://youtu.be/Uizl-ruOQQU> - Kabutihang dulot sa pag-aalaga ng hayop
<https://www.google.com/imgres?imgurl=https%3A%2F%2Fpoultrykeeper.com%2Fwp-content%2Fuploads%2F2015%2F03%2FMinorca-Bantam-cut-out.jpg&imgrefurl=https%3A%2F%2Fpoultrykeeper.com%2Fchicken-breeds%2Fminorca-chickens%2F&tbnid=eBuYMxJQXGevHM&vet=1&docid=W77t5muSLQPxyM&w=314&h=284&hl=en&source=sh%2F%2Fim- Minorca>
<https://images.app.goo.gl/b4jJjq2CkvcwxzKd7> - Mikawa
<https://images.app.goo.gl/W1MZ9ys6MFiTrJsB7> - Arbon Acre
<https://images.app.goo.gl/m6CgT4buTJzm9yYc6> - Cobb
<https://images.app.goo.gl/1n9qvPMVgoyftBkk7> - Hubbard
<https://www.google.com/imgres?imgurl=https%3A%2F%2Fcdn.britannica.com%2F01%2F501-050-4D6714C9%2FWhite-Leghorn-cock.jpg&imgrefurl=https%3A%2F%2Fwww.britannica.com%2Fanimal%2Fleghorn&tbnid=KwRuyvIM9klAiM&vet=1&docid=evgPykS3u3aL8M&w=983&h=849&hl=en&source=sh%2F%2Fim- White Leghorn>
<https://images.app.goo.gl/2ny1UD121d1UQuAx9> - Plymouth Rock
<https://images.app.goo.gl/zr52JzHXjjKYacrK8> - Rhode Island Red
<https://images.app.goo.gl/Qa7JgWGzYxdh5L197> - Pugo
<https://images.app.goo.gl/8Gz32DxhitHaDn978> - Tilapia
<https://images.app.goo.gl/V2JCifQpM1AjLuQG6> - Itik
<https://images.app.goo.gl/nzgpyTcem8zLiS4F6> - Pato

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph